

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

1

Tayo na't Magbasa

Gabay sa Pagtuturo ng Tagalog



Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas

Talaan ng Paggamit ng Modyul

Paaralan: _____

Purok: _____

Sangay: _____

Rehiyon: _____

Kailan natanggap sa paaralan: _____

Pangalan ng Humiram	Kailan Ipinahiram	Kondisyon	Kailan Isinauli	Kondisyon

Gamitin ang sumusunod na letra sa pagtatala ng kondisyon ng modyul:

- A** (Bago)
- B** (Gamit na ngunit maayos pa)
- C** (May kaunting sira)
- D** (Maraming sira)

Tayo na't Magbasa

Gabay sa Pagtuturo ng Tagalog

HINDI IPINAGBIBILI

PAG-AARI NG PAMAHALAAN

INILAAN PARA SA

Distrito/Paaralan: _____

Sangay: _____

Unang Taon ng Paggamit: _____

Pinagkukunan ng Pondo (pati taon) : _____

Tayo na't Magbasa

Gabay sa Pagtuturo ng Wikang Tagalog

Karapatang - Ari (Hindi ipinagbibili)

Unang Edisyon, 2012

Reserbado ang lahat ng Karapatan. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o ilabas sa anumang anyo, kasama na rito ang pelikula, nang walang nakasulat na pahintulot ang Tagapaglathala at ang mga may-akda. Hindi sakop ng karapatang-ari ang suring gabay na ilalathala sa mga pahayagan at magasin.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Management Staff

Tagasuri:

Lourdes Hinampas at Minda Limbo

May Akda:

Elena C. Cutiongco, Minerva David, at Agnes G. Rolle

Illustrators:

Noel B. Corpuz at Jacinto Cepeda

Layout Artists:

Cecilia A. Dimaculangan

Curriculum Development Division, Bureau of Elementary Education

Office Address : Rm. 204, Bonifacio Bldg.
DepEd Complex, Meralco Ave.
1600 Pasig City, Philippines

Telefax : (02) 638-4799/637-4347

Mensahe

Bro. Armin Luistro

Alpabetong Tagalog

Bilang ng Alpabeto	Tuntunin sa Hiram na Letra	Bilang ng Patinig	Bilang ng Katinig	Kambal-katinig/ Diptonggo
28 A B C D E F G H I J K L M N Ñ Ng O P Q R S T U V W X Y Z	<p>Ang alpabetong Filipino ay ang binago at pinayamang Abakada.</p> <p>Ito ay binubuo ng 28 titik o letra.</p> <p>Babasahin ang mga ito ng katulad sa English na alpabeto, maliban sa Ñ (enye) na tawag-Kastila.</p>	5 a- ama e- Emma i- isa O - oso u- usa	23 b-bibe c- carrot d- damo f- Filipino g- gulay h- halaman j- jacket k- kubo l - lobo m- mama n- nanay ñ- Niña ng- ngipin p- pusa q- Quezon r- relo s- sasa t- tasa v- vinta w- watawat x- x-ray y- yoyo z- zoo	<p>Kambal-katinig:</p> <p>bl- blusa br- braso dr-dram kl- klase kr- krayola Gl- Gloria gr- groto pl - plato pr- prutas</p> <p>Diptongo:</p> <p>aw: kalabaw sabaw inihaw</p> <p>iw: sisiw baliw agiw aliw giliw</p> <p>oy: okoy kasoy kahoy amoy</p> <p>ay: gulay kilay buhay anay</p> <p>uy: baduy kasuy</p> <p>ey: beywang reyna</p>

Mga Nilalaman

Panimula	ii
Alpabeto at Ortograpiya	1
Tuntunin sa Ispeling o Pagbaybay	17
Tuntunin sa Gramatika	25
Talasalitaan ng mga Pangkaraniwang Salita at Kataga	35

Alpabeto at Ortograpiya


Ang Alpabeto

Mm



mama

Aa




ama

Ss



sasa

li




isa

Oo




oso

Ee



elisi

Bb



bibe

Uu



usa

Tt




tasa

Kk




kubo

Ll



lobo

Yy



yoyo

Nn



nanay

Gg




gulay

Pp




pusa

Rr




relo

Ngng



ngipin

Dd



dahon

Hh



halaman

Ww




watawat

Cc



carrot

Jj




jacket

Ff



Filipino

Zz



Zoo

Qq

Quezon




Quezon

Vv




vinta

Xx



x-ray

Ññ



Niña

Alpabetong Tagalog

Ang Alpabetong Tagalog

Ang Alpabeto	Patinig	
	Tagalog	English
Patinig: 5 Letra		
Aa	atis	atis
	alon	wave
	aso	dog
	apa	cone
	asin	salt
Ee	eroplano	airplane
	ekis	cross
	elepante	elephant
	elise	elise
	Elmer	Elmer
Ii	isda	fish
	ibon	bird
	itlog	egg
	Igorot	Igorot
	ilog	river
Oo	orasan	clock
	obispo	bishop
	otel	hotel
	okra	okra
	okoy	deep-fried shrimps in flour
Uu	ubas	grapes
	ulo	head
	ulam	viand
	ulan	rain
	uod	worm

Ang Alpabeto	Katinig	
	Tagalog	English
Katinig: 23 Letra		
Mm	mama	man
	medyas	socks
	mata	eye
	mais	corn
	mesa	table
Ss	saging	banana
	silya	chair
	susi	key
	sili	pepper
	suso	snail
Bb	bibe	duck
	bao	coconut shell
	baka	cow
	bata	child
	buko	young coconut
Tt	tao	person
	toyo	soy sauce
	takong	heel
	tela	cloth
	tikoy	Chinese rice cake
Kk	kama	bed
	kuko	nail
	kubo	hut
Ll	lobo	balloon
	laso	lace
	lalaki	boy
	lila	violet
	lubak	uneven surface of the road
Yy	yeso	chalk
	yapak	foot prints
	yakap	embrace/hug
	yelo	ice
	yoyo	yoyo

Ang Alpabeto	Katinig	
	Tagalog	English
Nn	nanay	mother
	nene	young girl
	niyog	mature coconut
	nota	note
	ninuno	ancestors
Gg	gulay	vegetable
	gitara	guitar
	gunting	scissors
	gatas	milk
	gagamba	spider
Pp	pabo	turkey
	pagong	turtle
	palaka	frog
	paso	pot
	payong	umbrella
Rr	relo	watch
	resibo	receipt
	retaso	scrap
	robot	robot
	rosas	rose
NGng	ngalangala	palate
	nganga	mouth wide open
	ngilo	sensitivity of teeth
	ngipin	teeth
	nguso	snout
Dd	daga	rat
	dila	tongue
	dagta	sap
	dalaga	maiden
	damo	grass
Hh	hukay	pit
	hikaw	earring
	halaman	plant
Ww	walo	eight
	walis	broom
	wala	nothing
	waling-waling	flower
	watawat	flag

Ang Alpabeto	Katinig	
	Tagalog	English
Cc	carrot	carrot
	Carmi	Carmi
	Carlos	Carlos
	Celia	Celia
	center	center
Jj	jam	jam
	jelly	jelly
	Jacob	Jacob
	Jill	Jill
	Jay	Jay
Ff	Filipino	Filipino
	folder	folder
	Felipe	Felipe
	Fatima	Fatima
	Farrah	Farrah
Zz	Zamboanga	Zamboanga
	zebra	zebra
	Zeny	Zeny
	zoo	zoo
	zero	zero
Qq	Quezon	Quezon
	Quiapo	Quiapo
Vv	vinta	vinta
	Vicky	Vicky
	Victor	Victor
	Vic	Vic
Xx	x-ray	x-ray
	xerox	xerox
Ññ	Niño	Niño
	Niña	Niña

**TUNTUNIN SA ISPELING
O PAGBAYBAY**

Mga Tuntuning Panlahat sa Ispeling o Pagbaybay

Panimula:

Ang mga tuntunin sa pagbaybay ay sinipi sa Gabay sa Ortograpiyang Filipino 2009 (Ikatlong Edisyon) na inihanda ng Sangay ng Lingguwistika, Komisyon sa Wikang Filipino.

A. Ang Pasalitang Pagbaybay

Paletra ang pasalitang pagbaybay sa Tagalog . Ang ibig sabihin ay isa-isang pagbigkas sa maayos na pagkasunod-sunod ng mga letrang bu-mubuo sa isang salita, pantig, daglat, akronim, inisyal, simbolong pang-agram, atbp.

PASULAT

-

PABIGKAS

Salita

bata

plato

Felipe

vinta

jihad

/bi-ey-ti-ey/

/pi-el-ey-ti-o/

/kapital ef-i-el-pay-pi-i/

/vi-ay-en-ti-ey/

/jey-ay-eich-ey-di/

Pantig

it

kon

trans

pa

tsart

/ay-ti/

/key-o-en/

/ti-ar-ey-en-es/

/pi-ey/

/ti-es-ey-ar-ti/

ASEAN (Association of Southeast Asian Nations)	/ey-es-i-ey-en/
CALABARZON (Calamba, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon)	/si-ey-el-ey-bi-ey-ar-zi/
MERALCO (Manila Electric Company)	/em-i-ar-ey-el-si-o/
MIMAROPA (Mindoro, Marinduque, Romblon, Palawan)	/em-ay-em-ey-ar-o-pi-ey/
NCR (National Capital Region)	/en-si-ar/
PAGASA (Philippine Atmospheric Geophysical and Astronomical Services Administration)	/pi-ey-ji-ey-es-ey/
PASATAF (Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino)	/pi-ey-es-ey-ti-ey-ef/

Daglat

Bb. (Binibini)	/kapital bi-bi/
G. (Ginoo)	/kapital ji/
Gng. (Ginang)	/kapital ji-ay-en-ey-en-ji/
Kgg. (Kagalang-galang)	/kapital key-ji-ji/
Dr. (Doktor)	/kapital di-ar/

Inisyal ng Tao

MLQ (Manuel Luis Quezon)	/em-el-kyu/
CPR (Carlos P. Romulo)	/si-pi-ar/
JVP (Jose Villa Panganiban)	/jey-vi-pi/
LKS (Lope K. Santos)	/el-key-es/
AGA (Alejandro G. Abadilla)	/ey-ji-ey/

Inisyal ng Samahan/ Institusyon

KWF (Komisyon sa Wikang Filipino)	/key-dobolyu-ef/
PSLF (Pambansang Samahan sa Lingguwistikang Filipino)	/pi-es-el-ef/
KBP (Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas)	/key-bi-pi/
PLM (Pamantasan ng Lungsod ng Maynila)	/pi-el-em/
NGO (Non-Governmental Organization)	/en-ji-o/

Simbolong Pang-agham at Pangmatematika

Fe (iron)	/ef-i/
H ₂ O (water)	/eich-tu-o/
NaCl (sodium)	/en-ey-si-el/
lb. (pound)	/el-bi/
kg. (kilogram)	/key-ji/
v (velocity)	/vi/

B. Ang Pasulat na Pagbaybay

b.1. Panatilihin ang orihinal na anyo ng mga salitang mula sa ibang katutubong wika sa Pilipinas

- ◆ vakúl (Ivatan) - panakip sa ulo na yari sa palmera na ginagamit bilang pananggalang sa ulan at init ng araw
- ◆ payyo/payew (Ifugaw) - pangkalahatang tawag sa palayan ng mga Ifugaw
- ◆ banana(Hudhud) - sa halip na hagdan-hagdang palayan (rice terraces)
- ◆ tnalá o t' nalak (T'boli) - habing yari sa abaka ng mga T'boli
- ◆ butanding (Bicol) - sa halip na " whale shark"
- ◆ cabalén (Pampango) - kababayan
- ◆ hádjá—babaeng Muslim na nagsagawa ng banal na paglalakbay sa Mecca

b.2. Sa pagbaybay ng mga hiram na salita mula sa mga banyagang wika, panatilihin ang orihinal nitong anyo

status quo	pizza
bouquet	sheikh
Samurai	french fries

b.3. Sa pagbaybay ng mga salitang mula sa Español, baybayin ito ayon sa ABAKADA.

baño	-	banyo
cheque	-	tseke
cuentas	-	kuwintas
familia	-	pamilya
pañó	-	panyo
zapatos	-	sapatos

b.4. Sa pag-uulit ng salitang-ugat na nagtatapos sa patinig na **e** hindi ito pinapalitan ng letrang **i**.

Kinakabitan ng pang-ugnay/ linker(-ng) at ginagamitan ng gitling sa pagitan ng salitang -ugat.

bérde	-	berdeng-berde
kapé	-	kapeng- kapé
karné	-	karneng-karné
libre	-	libreng-libre
suwerte	-	suwerteng-suwerte

b.5. Sa pag-uulit ng salitang-ugat na nagtatapos sa patinig na **o** hindi ito pinapalitan ng letrang **u**.

ano	-	ano-ano
sino	-	sino-sino
pito	-	pito-pito
Halo	-	halo-halo (magkakasama ang iba't ibang bagay)
buto	-	buto-buto

* May mga salitang nabubuo sa pag-uulit ng salitang ugat na hindi ginagamitan ng gitling. Ang hindi paggamit ng gitling ay nagpapahiwatig na hindi na taglay ng salitang-ugat ang kahulugan nito, at sa halip, nagkakaroon na ng bagong kahulugan ang nabuong salita tulad ng:

haluhalo	(pagkain)
salusalo	(piging/handaan)
batubato	(isang uri ng ibon)

Hindi kasama ang paruparo at gamugamo dahil walang salitang-ugat na paro at gamu at hindi makatayong mag-isa.

b.6. Sa mga salitang may **o** sa huling pantig inuulit man o inuunlapan, nananatili ang letrang **o**. Ginagamitan ng gitling sa pagitan ng mga salitang-ugat.

bukod	-	bukod-bukod
kahon	-	kahon-kahon
dugtong	-	dugtong-dugtong
milyon	-	milyon-milyon
sunod	-	sunod-sunod

b.7. Kapag hinuhulapian ang huling pantig ng salitang ugat na nagtatapos sa **e**, ito ay nagiging **l** at ang **o** ay **u**.

bálot	-	balútin
bago	-	baguhin
bayó	-	bayuhin
bilog	-	bilugin
handog	-	handugan
hinto	-	hintuán
laro	-	laruan

Sinusunod din ang tuntuning ito sa mga salitang-ugat na may panlaping kabilaan (unlapi at hulapi).

bukod	-	pagbukod-bukurin
dugtong	-	pagdugtong-dugtungin
sunod	-	pagsunod-sunurin

*Gayunpaman, may mga salitang nananatili ang **e** kahit hinuhulapian.

sine	-	sinehan
bote	-	botehan
base	-	basehan

b.8. Makabuluhan ang tunog na **e** at **o** kapag inihahambing ang mga hiram na salita sa mga katutubo o hiram na salita.

mesa	-	mísa
úsa	-	oso
téla	-	tíla
puso	-	poso

b.9 Gayunman, hindi puwedeng palitan ng **i** ang **e** at **o** sa **u**. Dapat pa ring gamitin ang baybay na matagal na o lagi nang ginagamit.

babáe	-	hindi babái
buhos	-	hindi búhus
sampu	-	hindi sampo

TUNTUNIN SA GRAMATIKA

MGA TUNTUNIN SA GRAMATIKA

I. PANGGALAN

A. Panggalang Pantawag

Tuntunin 1: May mga salitang pantawag na ginagamit sa tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari.

Halimbawa:

Tao	Bagay	Hayop	Lugar	Pangyayari
ate	lapis	bibe	palengke	pista
ama	baso	ibon	parke	kaarawan

- B. Kailanan ng Pangngalan:** Iba-iba ang dami ng bagay, tao, hayop, lugar, at pangyayari. May mga salitang ginagamit upang matukoy ang kailanan nito.

Tuntunin 1: Ginagamit ang mga salitang ilan, kakaunti o marami upang matukoy ang dami ng bagay, hayop, tao, at lugar.

Halimbawa:

- ◆ Kakaunti ang bayabas.
- ◆ Marami ang lobo.
- ◆ Iilan ang dumalo sa pulong.

Tuntunin 2: Ginagamit ang salitang pamilang upang matukoy ang tama o tiyak na bilang o dami ng bagay, tao, hayop, lugar, at pangyayari.

Halimbawa:

dalawang silya	isang salop	mag-asawa
tatlo-tatlo ang langgam	walang laman	mag-ina
sampung puno	isang sako	magkapatid
apat-apat ang kawayan	punong-puno	magbayaw
pitong ilog	isang balde	maggpinsan
isa-isa ang pasok sa bulwagan	libo-libo	

Tuntunin 3: May mga salitang pananda na ginagamit upang matukoy ang kailanan ng bagay, tao, hayop, lugar at pangyayari.

Halimbawa: Ang – Ang mga; Si – Sina; Kay - Kina;

Tuntunin 3.1. Ginagamit ang panandang **ang** upang tumukoy sa isang bagay.

Hal. Larawan ng isang bulaklak = ang bulaklak

Tuntunin 3.2. Ginagamit ang panandang **ang mga** sa dalawa o maraming bagay.

Hal. Larawan ng dalawa o maraming lapis
=ang mga lapis

Tuntunin 3.3. Ginagamit ang panandang **si** sa isang tiyak na ngalan ng tao

Hal. Larawan ng isang tao = Si lola_____

Tuntunin 3.4. Ginagamit ang panandang **sina** sa dalawa o maraming tiyak na ngalan ng tao.

Hal. Larawan ng dalawa o maraming tao. Sina kuya at ate ay ____

Tuntunin 3.5. Ginagamit ang salitang **kay** upang tukuyin ang tiyak na nag-iisang may-ari ng bagay.

Hal. Ang pulang bestida ay kay Agnes.

Tuntunin 3.6. Ginagamit ang salitang **kina** upang tukuyin ang tiyak na mga may-ari ng bagay.

Hal. Kina Manuel, Alex, Henry, at Danny ang mga bisekleta.

C. Pang-ugnay sa Pangngalan

Tuntunin 1: May mga tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari na magkakaugnay. Ginagamit ang salitang **at** sa pag-uugnay o pag-sasama- sama ng mga salitang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari.

Hal. tao = ate at kuya; bagay = mesa at silya; Hayop = aso at pusa; lugar = bundok at talampas; pangyayari = pista at parada.

D. Kasarian ng Pangngalan

Tuntunin 1: May mga salitang pangngalan na pambabae , panlalaki, di tiyak at walang kasarian.

Halimbawa:

PAMBABAE	PANLALAKI	DI TIYAK	WALANG KASARIAN
ate	kuya	bata	mesa
inay	itay	asawa	silya
tiya	tiyo	pinsan	lapis
nanay	tatay	kapatid	papel
mommy	daddy	pamangkin	lata
mama	papa	guro	bote
lola	lolo	doktor	damit
ninang	ninong		bag
ditse	sangko		
ginang	ginoo		
binibini	binata		
dalaga	totoy		
nene	manong		
manang	tito		
tita			

II.PANGHALIP

Tuntunin1: May mga salitang ginagamit na panghalili sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari. Panghalip ang tawag sa mga salitang ito.

Ako, Ikaw, Siya

Tuntunin 1.1. Ang **ako, ikaw, o siya** ay mga salitang panghalili sa ngalan ng tao.

Tuntunin 1.1.1. Ang salitang **ako** ay ginagamit kung ang tinutukoy ng nagsasalita ay ang sarili.

Hal. **Ako** si Rita Cruz.

Tuntunin 1.1.2 Ang salitang **ikaw** ay ginagamit kung ang tinutukoy ng nagsasalita ay ang kausap.

Hal. **Ikaw** ba ang kapatid ni Ana?

Tuntunin 1.1.3. Ang salitang **siya** ay ginagamit kung ang tinutukoy ng nagsasalita ay iba.

Hal. **Siya** ay maganda.

Kami, Tayo, Sila

Tuntunin 1: Ang **kami, tayo, sila** ay mga salitang panghalili sa tanging ngalan ng dalawa o maraming tao.

Tuntunin 1.1. Ang **kami** ay ginagamit sa ngalan ng nagsasalita at iba pang taong kasama niya.

Hal. **Kami** nina Nora, Kathy, Cecil at Mary ang maglalaba.

Tuntunin 1.2: Ang **tayo** ay ginagamit na panghalili sa ngalan ng mga taong nagsasalita at kinakausap.

Hal. Ikaw at ako ang pupunta sa bukid.

Tayo ang mamimitas ng mga gulay.

Tuntunin 1.3. Ang **sila** ay ginagamit sa ngalan ng mga taong pinag-uusapan.

Hal.

Si Nene ay matalino.

Si Rosie ay matalino.

Sila ay mga kaibigan ko.

Ito, Iyan, Lyon

Tuntunin 1: Ang mga salitang **ito**, **iyon** o **iyon** ay ginagamit upang ituro ang isang bagay.

Ito

Tuntunin 1.1. Ginagamit ang **ito** kung ang bagay ay hawak ng nagsasalita.

Hal. **ito** ay papel.

Iyan

Tuntunin 1.2. Ginagamit ang **iyon** kung malapit sa kausap ang itinuturong bagay.

Hal. **Iyan** ang sapatos ko.

Iyon

Tuntunin 1.3. Ginagamit ang **iyon** kung malayo sa nag-uusap ang tinutukoy.

Hal. **Iyon** ang bahay nina Mang Luis.

III. PANDIWA

Tuntunin 1: May mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw. Pandiwa ang tawag sa mga ito.

Halimbawa:

takbo	ligo	luto
lakad	sulat	tiklop
kain	lipad	tanim
walis	basa	linis

Tuntunin 2: Ang mga salitang kilos ay maaaring ginawa na, ginagawa pa, o gagawin pa lamang.

GINAWA NA

tumakbo
lumakad
kumain

GINAGAWA PA

tumatakbo
lumalakad
kumakain

GAGAWIN PA

tatakbo
lalakad
kakain

V. PARIRALA AT PANGUNGUSAP

Tuntunin 1: Ang mga **parirala** ay binubuo ng mga salita na walang buong diwa o kaisipan.

Ang **pangungusap** ay binubuo ng mga salita o parirala na may buong diwa o kaisipan.

Halimbawa:

SALITA- masarap

PARIRALA- ang manok

PANGUNGUSAP- Masarap ang manok na luto ni nanay.

Tuntunin 2: May mga pangungusap na pasalaysay, pata-nong, padamdang, pautos, at pakiusap.

1. PASALAYSAY - Ito ay pangungusap na nagsasabi o nagsasalaysay. Tuldok (.) ang bantas na gamit.

Halimbawa: May alagang aso si Patrick.

2. PATANONG - Ito ay pangungusap na nagtatanong. Tandang pananong (?) ang bantas na ginagamit.

Halimbawa: Saan nag-aaral si Roy?

3. PADAMDAM - Ito ay pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin o pagkagulat. Ang tandang padamdang (!) ang gamit na bantas.

Halimbawa: Naku! Nabasag ang paso.

4. PAUTOS - Ito ay pangungusap na nag-uutos. Tuldok (.) ang bantas na ginagamit.

Halimbawa: Iguhit mo ang larawang napili mo.

5. PAKIUSAP - Ito ay pangungusap na nakikiusap. Ginagamitan ito ng salitang paki at maaari. Tuldok (.) o tandang pananong ang ginagamit na bantas.

Halimbawa:

Maaari bang dalhin mo bukas ang iyong aklat sa Filipino?

Pakikuha ng isang basong tubig.

**Talasalitaan
ng mga Karaniwang Salita
at Kataga**

Talasalitaan sa Wikang Tagalog

I. Mga Karaniwang Pagbati

FILIPINO	ENGLISH
Magandang araw.	Good day.
Magandang umaga.	Good morning.
Magandang gabi.	Good evening.
Sige.	All right.
Salamat po.	Thank you.
Okey lang iyon.	It's alright.
Walang anuman.	You're welcome.
Ipagpaumanhin mo.	I'm sorry.
Maaari po bang lumabas?	May I go out?
Oo.	Yes, you may.
Makikiraan po.	May I pass?
Maari bang makahiram ng	May I borrow?
Patawad po.	Please forgive me.
Opo	Yes, ma'am/sir

II. Mga Bahagi ng Katawan

FILIPINO	ENGLISH
ulo	head
anit	scalp
buhok	hair
puyo	cowlick on the head
noo	forehead
kilay	eyebrow
mata	eyes
talukap ng mata	eyelid
pilikmata	eyelashes
ilong	nose
butas ng ilong	nostril
pisngi	cheek
bibig	mouth
labi	lip

FILIPINO	ENGLISH
dila	tongue
ngipin	teeth
gilagid	gum
ngalangala	palate
baba	chin
leeg	neck
batok	nape
balikat	shoulder
braso	arm
siko	elbow
galang-galangan	wrist
kamay	hand
kamao	fist
palad	palm
daliri	finger
hinlalaki	thumb
hintuturo	pointer
hinlalato	middle finger
palasingsingan	ring finger
hinliliit	pinky finger
dibdib	chest
beywang	waist
tiyan	stomach
pusod	navel
puson	abdomen
puwet	butt/behind
balakang	hip
singit	inner thighs
hita	thigh
tuhod	knee
binti	leg
alak-alakan	back of knee
sakong	heel
paa	foot
bukong-bukong	ankle
talampakan	sole
daliri sa paa	toe

III. Mga Kasapi ng Pamilya

FILIPINO	ENGLISH
tatay, itay, ama, amang	father
nanay, inay, ina, inang	mother
kuya	brother
ate	sister
lola, impo	grandmother
lolo, ingkong	grandfather
tiyo, tito	uncle
tiya, tita	aunt
pinsan	cousin
hipag	sister-in-law
bayaw	brother-in-law
biyenang lalaki	father-in-law
biyenang babae	mother-in-law
pamangking lalake	nephew
pamangking babae	niece

IV. Mga Manggagawa sa Pamayanan

FILIPINO	ENGLISH
pari	priest
sakristan	sacristan
komadrona	midwife
guro	teacher
pulis	policeman
bumbero	fireman
basurero	garbage collector
doktor/manggagamot	doctor
dentista	dentist
nars	nurse
karpintero/anluwagi	carpenter
kartero	postman
mensahero	messenger
modista	dressmaker
sastre	tailor
mananahi	sewer
kaminero/kaminera	streetsweeper

FILIPINO	ENGLISH
drayber/tsuper	driver
panadero/panadera	baker
tindero/tindera	vendor
mangingisda	fisherman/fisherfolk
magsasaka	farmer
pintor	painter
bangkero	boatman
minero	miner

V. Mga Karaniwang Bagay, Hayop, at Halaman

FILIPINO	ENGLISH
aso	dog
pusa	cat
manok	chicken
baboy	pig
ibon	bird
kambing	goat
kalabaw	carabao
kabayo	horse
baka	cow
tandang	rooster
sisiw	chick
tuta	puppy
gansa	goose
bibe	duck
talabong	egrit
daga	rat
kuneho	rabbit
kalapati	dove
langaw	fly
tuko	monitor lizard
unggoy	monkey
palaka	frog
pugo	quail
ahas	snake

FILIPINO	ENGLISH
pagong	turtle
bulate	worm
tigre	tiger
leon	lion
oso	bear
agila	eagle
giraffe	giraffe
tipaklong	grasshopper
langgam	ant
lobo	wolf
baboy ramo	wild pig
paruparo	butterfly
balang	locust
bubuyog	bee
lamok	mosquito
salaginto	beetle with green outer wings
salagubang	beetle that usually feeds on mango leaves

VI. Mga Bilang

FILIPINO	ENGLISH
zero	zero
isa	one
dalawa	two
tatlo	three
apat	four
lima	five
anim	six
pito	seven
walo	eight
siyam	nine
sampu	ten
labing-isa	eleven
labindalawa	twelve
labintatlo	thirteen

FILIPINO	ENGLISH
labing-apat	fourteen
labinlima	fifteen
labing-anim	sixteen
labimpito	seventeen
labingwalo	eighteen
labinsiyam	nineteen
dalawampu	twenty
dalawampu't isa	twenty - one
dalawampu't dalawa	twenty - two
dalawampu't tatlo	twenty - three
dalawampu't apat	twenty - four
dalawampu't lima	twenty - five
dalawampu't anim	twenty - six
dalawampu't pito	twenty - seven
dalawampu't walo	twenty - eight
dalawampu't siyam	twenty - nine
tatlumpu	thirty
tatlumpu't isa	thirty - one
tatlumpu't dalawa	thirty - two
tatlumpu't tatlo	thirty - three
tatlumpu't apat	thirty- four
tatlumpu't lima	thirty- five
tatlumpu't anim	thirty -six
tatlumpu't pito	thirty - seven
tatlumpu't walo	thirty- eight
tatlumpu't siyam	thirty - nine
apatnapu	forty
apatnapu't isa	forty- one
apatnapu't dalawa	forty - two
apatnapu't tatlo	forty - three
apatnapu't apat	forty- four
apatnapu't lima	forty - five
apatnapu't anim	forty- six
apatnapu't pito	forty - seven
apatnapu't walo	forty - eight

FILIPINO	ENGLISH
apatnapu't siyam	forty- nine
limampu	fifty
limampu't isa	fifty- one
limampu't dalawa	fifty- two
limampu't tatlo	fifty- three
limampu't apat	fifty- four
limampu't lima	fifty- five
limampu't anim	fifty-six
limampu't pito	fifty- seven
limampu't walo	fifty - eight
limampu't siyam	fifty- nine
animnapu	sixty
animnapu't isa	sixty- one
animnapu't dalawa	sixty- two
animnapu't tatlo	sixty- three
animnapu't apat	sixty- four
animnapu't lima	sixty- five
animnapu't anim	sixty - six
animnapu't pito	sixty - seven
animnapu't walo	sixty - eight
animnapu't siyam	sixty - nine
pitumpu	seventy
pitumpu't isa	seventy - one
pitumpu't dalawa	seventy- two
pitumpu't tatlo	seventy- three
pitumpu't apat	seventy - four
pitumpu't lima	seventy- five
pitumpu't anim	seventy - six
pitumpu't pito	seventy- seven
pitumpu't walo	seventy - eight
pitumpu't siyam	seventy - nine
walumpu	eighty
walumpu't isa	eighty- one
walumpu't dalawa	eighty- two

FILIPINO	ENGLISH
walumpu't tatlo	eighty- three
walumpu't apat	eighty- four
walumpu't lima	eighty- five
walumpu't anim	eighty - six
walumpu't pito	eighty- seven
walumpu't walo	eighty - eight
walumpu't siyam	eighty - nine
siyamnapu	ninety
siyamnapu't isa	ninety- one
siyamnapu't dalawa	ninety - two
siyamnapu't tatlo	ninety - three
siyamnapu't apat	ninety- four
siyamnapu't lima	ninety - five
siyamnapu't anim	ninety - six
siyamnapu't pito	ninety- seven
siyamnapu't walo	ninety - eight
siyamnapu't siyam	ninety -nine
isang daan	one hundred

VII. Mga Kulay

FILIPINO	ENGLISH
dilaw	yellow
berde/luntian	green
asul/bughaw	blue
pula	red
puti	white
kulay tsokolate/kayumanggi	brown
lila	purple/violet
kulay kahel	orange
itim	black
mapusyaw	pastel
matingkad	dark color
kupas	faded color

VIII. Hugis at

FILIPINO	ENGLISH
bilog	circle
parihaba	rectangle
parisukat/kuwadrado	square
bituin	star
triyangulo/tatsulok	triangle
habilog/biluhaba	oblong

IX. Amoy, Lasa, at Kaugnay na Limitasyon o Kondisyon

FILIPINO	ENGLISH
mabango	fragrant
mabaho	bad/foul smell
mabantot	smelly
mapanghi	stinky
matamis	sweet
maasim	sour
mapakla	taste of not so ripe fruit
maalat	salty
mapait	bitter
matabang	bland
malasa	tasty
malansa	fishy

X. Mga Bahagi ng Bahay

FILIPINO	ENGLISH
bubong	roof
kisame	ceiling
pinto	door
hagdan	stairs
sahig	floor
terasa/balkonahe	terrace
sala	living room
bintana/durungawan	window
dingding	wall
silid-tulugan	bedroom
pasamano	window sill

FILIPINO	ENGLISH
banyo	toilet/comfort room
kusina	kitchen
silid-kainan	dining room
silid-aralan	classroom
klinika	clinic
silid-aklatan	library
kantina	canteen
palaruan	playground ground
pasilyo	corridor
tarangkahan	gate
tagdan	flagpole
palengke	market
pagamutan	hospital
munisipyo	municipal hall
parke	park
plasa	plaza
simbahan/sambahan	church
health center	health center
barangay hall	barangay hall

XI. Konsepto ng Oras

FILIPINO	ENGLISH
umaga	morning
tanghali	noon
hapon	afternoon
madaling araw	dawn
takipsilim	sunset
bukang liwayway	sunrise
magdamag	overnight
gabi	night
hatinggabi	midnight
Linggo	Sunday
Lunes	Monday
Martes	Tuesday
Miyerkules	Wednesday

FILIPINO	ENGLISH
Huwebes	Thursday
Biyernes	Friday
Sabado	Saturday
Enero	January
Pebrero	February
Marso	March
Abril	April
Mayo	May
Hunyo	June
Hulyo	July
Agosto	August
Setyembre	September
Oktubre	October
Nobyembre	November
Disyembre	December

XII. Konsepto ng Panahon

FILIPINO	ENGLISH
tag-ulan	rainy
tag-araw	summer
maaraw	sunny
amihan	north east monsoon
habagat	south west monsoon
mahangin	windy
ambon	drizzle
maulan	rainy
bumabagyo	stormy

XIII. Mga Uri ng Damdamin

FILIPINO	ENGLISH
malungkot	sad
namimighati/nagdadalamhati	mourning
masaya	happy

FILIPINO	ENGLISH
humahalakhak	laughing
naaalala	recalling
nananabik	longing
nagseselos	jealous
naiinggit	envious
nagmamahal	loving
natutuwa	happy
natatakot	afraid
naiinis	irritated
naasar	annoyed
naiinip	bored

XIV. Mga Sukat

FILIPINO	ENGLISH
metro	meter
sentimetro	centimeter
desimetro	decimeter
dali	inch
yarda	yard
gramo	gram
kilo	kilo
litro	liter
libra	pound
onsa	ounce
desilitro	deciliter
desigramo	decigram
piye	foot
kilometro	kilometer
milya	mile

For inquiries or feedback, please contact:
Instructional Materials Council Secretariat (IMCS)
Department of Education (DepEd)
DepEd Complex (ULTRA), Meralco Avenue
Pasig City, Philippines 1605
Telefax:(632) 634-1054 and 634—1072
E-mail: imcs@deped.gov.ph
depedimcs@gmail.com